Nob. 8, 2026 – Ika-32 Linggo ng Karaniwang Panahon

Karunungan 6:12–16; 1 Tes 4:13–18; Mt 25:1–13

PANIMULA

Mahal naming mga kapatid kay Kristo, ang Ebanghelyo ngayon ay naglalahad sa atin ng larawan ng mga taong naghihintay sa dilim na may hawak na mga ilawan. Nasa puso ng buhay Kristiyano ang matiyaga at mapagmahal na paghihintay sa Panginoong dumarating upang salubungin tayo. Hindi tayo pagala-gala sa buhay nang walang patutunguhan; naglalakbay tayo patungo sa Lalaking Ikakasal na nag-aanyaya sa atin sa kagalakan ng kanyang kaharian.

Itinuturo sa atin ng mga matatalinong abay sa Ebanghelyo na ang pananampalataya ay hindi lamang sigla sa simula kundi pagtitiyaga sa mahahabang gabi.

Hindi laging umaayon sa ating mga plano ang takbo ng buhay. Ang mga pagkaantala, pagkabigo, pagdurusa, at kawalang-katiyakan ay bahagi ng buhay ng bawat tao. Gayunman, hinihiling ng Panginoon na panatilihin nating nagniningas ang ilawan ng pananampalataya sa pamamagitan ng panalangin, pagmamahal sa kapwa, pag-asa, at pagtitiwala.

Ipinaaalala sa atin ngayon ni San Pablo na kahit sa gitna ng pagluluksa ay mga taong may pag-asa tayo sapagkat nilupig ni Kristo ang kamatayan. Ang nabuhay na Panginoong hinihintay natin sa katapusan ng ating buhay ay naglalakad na ngayon sa tabi natin—sa Eukaristiya, sa Banal na Kasulatan, sa panalangin, at sa bawat gawa ng pagmamahal at pagkakasundo.

Sa ating paghahanda na ipagdiwang ang mga banal na misteryong ito, hilingin natin sa Panginoon na patawarin

ang mga pagkakataong hinayaan nating humina ang langis ng pananampalataya, ipinagpaliban natin ang pagbabalik-loob, at nabigo tayong manatiling gising sa espirituwal at handa sa kanyang pagdating.

HOMILYA

Minsan, isang batang lalaki ang tumayo sa tabi ng bintana nang gabing-gabi, naghihintay sa pag-uwi ng kanyang ama. Naantala ng bagyo ang mga tren, at tumagal nang tumagal ang mga oras. Ilang ulit siyang sinabihan ng kanyang ina, “Matulog ka na. Darating din ang tatay mo.” Ngunit sumagot ang bata, “Gusto ko lang na makita niyang hinintay ko siya.” Sa wakas, malapit nang maghatinggabi, may lumitaw na ilaw ng sasakyan sa labas ng bahay. Pumasok ang ama, basa at pagod mula sa ulan, ngunit ang una niyang nakita ay ang kanyang munting anak na gising pa rin, hawak ang ilawan, naghihintay sa tabi ng bintana.

Binuhat siya ng ama at sinabi, “Nanatili kang gising para sa akin.”

Nahuhuli ng payak na kuwentong iyon ang diwa ng Ebanghelyo ngayon. Ang Kristiyanismo, sa kaibuturan nito, ay kuwento ng mga taong naghihintay sa Isang minamahal nila.

Ang Ebanghelyo ngayon ay tungkol sa sampung abay na naghihintay sa lalaking ikakasal. Lima ang tinawag na matalino; lima ang tinawag na hangal. Sa unang tingin, mukhang mabigat at nakakatakot pa nga ang talinghaga. Ngunit bago ito maging babala, ito muna ay isang napakasayang mensahe. Sinasabi sa atin ni Hesus na ang ating hantungan ay hindi isang hukuman kundi isang piging ng kasalan. Hindi tayo pangunahing ipinatatawag para hatulan kundi inaanyayahan sa pakikipag-isa. Ang tawag sa atin ay lumabas at salubungin ang Lalaking Ikakasal.

Sa kultura ng mga Hudyo noong panahon ni Hesus, ang mapiling maging isa sa mga abay ay isang pribilehiyo at karangalan. Ang mga dalagang ito ay hindi basta-bastang mga tao mula sa kalye. Sila ay espesyal na pinili upang samahan ang lalaking ikakasal sa pagdiriwang ng kasal. Gayundin, bawat isa sa atin ay pinili ng Diyos. Ang ating buhay Kristiyano ay isang bokasyon na lumakad patungo kay Kristo at sa huli ay makapasok sa kagalakan ng kanyang kaharian.

Gayunman, may seryosong mensahe rin ang Ebanghelyo. Lima sa mga abay ang hindi nakadalo sa piging ng kasalan. Bakit? Hindi dahil nakatulog sila—lahat ng sampu ay nakatulog. Hindi rin dahil tumanggi silang salubungin ang lalaking ikakasal—lahat sila ay bumangon nang marinig ang sigaw. Ang mapagpasyang pagkakaiba ay simple: nang dumating ang lalaking ikakasal, lima ang handa at lima ang hindi.

Nagsasalita si Hesus sa bawat salinlahi ng mga Kristiyano: “Magbantay kayo, sapagkat hindi ninyo alam ang araw pati ang oras.”

Hindi ibig sabihin ng utos na iyon na dapat tayong mamuhay sa takot. Sa halip, ang ibig sabihin nito ay mamuhay tayo nang mapagmasid, tapat, at marunong. Inasahan ng mga matatalinong abay na maaantala ang lalaking ikakasal. Naghanda sila para sa mahabang paghihintay.

Mahalaga ito sapagkat bihirang umayon sa ating iskedyul ang takbo ng buhay.

Alam nating lahat ito mula sa karanasan. Nahuhuli ang pagsisimula ng mga kasalan. Naaantala ang mga biyahe sa eroplano. Bumabagsak ang mga plano. Nagkakalamat ang mga relasyon. Biglang nagbabago ang kalusugan.

May inaasahan tayong isang landas ngunit sa ibang landas pala tayo naglalakad. Gaya ng isinulat ng makatang si Robert Burns, “Ang pinakamahusay na mga plano ng daga at ng tao ay madalas na nagkakagulo.”

Ito mismo ang karanasang inilalarawan ng talinghaga ni Hesus. Naantala ang lalaking ikakasal. Lumalalim ang dilim. Mas humaba ang paghihintay kaysa inaasahan.

Ang tunay na karunungan ng limang matatalinong abay ay hindi pambihirang katalinuhan. Ang kanilang karunungan ay praktikal na pagtitiyaga. May sapat silang langis para sa hindi inaasahan.

Minsan, tinanong ang isang matandang monghe, “Kapatid, ano ang gagawin mo kung alam mong mamamatay ka na sa loob ng sampung minuto?” Nagpatuloy ang monghe sa pagwawalis ng bakuran ng monasteryo at sumagot, “Magpapatuloy ako sa pagwawalis.”

Iyan ang karunungang Kristiyano.

Minsan ay sinabi ni Meister Eckhart, “Ang karunungan ay ang paggawa ng susunod na dapat mong gawin, nang buong puso, at pagtatagpo ng kasiyahan sa paggawa nito.” Ginawa lamang ng mga matatalinong abay nang tapat ang susunod na dapat gawin.

Ito ang tanong para sa atin ngayon: ano ang nagpapanatili sa pagniningas ng ilawan ng ating pananampalataya sa mahahabang gabi ng buhay?

Magandang sinasagot ito ng unang pagbasa: “Maliwanag ang karunungan at hindi kumukupas.” Ang karunungan sa Biblia ay hindi basta katusuhan ng tao. Ang karunungan ay ang mismong presensya ng Diyos na gumagabay sa atin. Sa huli, kinikilala ng mga Kristiyano ang Karunungang ito kay Kristo mismo.

Sinasabi ng pagbasa na ang Karunungan ay “naglalakad na naghahanap sa mga karapat-dapat sa kanya at buong kabutihang nagpapakita sa kanila.” Napakaaliw na larawan! Hindi lamang tayo ang naghahanap sa Diyos; hinahanap din tayo ng Diyos. Kahit pakiramdam nating nawawala tayo, si Kristo ay lumalakad na patungo sa atin.

Lalo itong mahalaga sa mga sandali ng pagdadalamhati at pagkawala.

Isinulat ni San Pablo ang Unang Liham sa mga taga-Tesalonica noong napakaaga pa sa kasaysayan ng Simbahan, mga taong 49 AD—halos labinlima hanggang dalawampung taon lamang pagkatapos ng kamatayan at muling pagkabuhay ni Hesus. Inasahan ng mga unang Kristiyano na malapit nang bumalik si Kristo. Ngunit habang lumilipas ang mga taon, nagsimulang mamatay ang mga kasapi ng pamayanan. Sumibol ang pag-aalala: “Ano ang mangyayari sa mga namatay bago bumalik si Kristo? Mawawalan ba sila ng bahagi sa kaharian?”

Sumasagot si Pablo nang may pambihirang lambing at pag-asa.

Sinasabi niya sa kanila na huwag magdalamhati “tulad ng mga taong walang pag-asa.” Pansinin nang mabuti: hindi sinasabi ni Pablo na hindi dapat magdalamhati ang mga Kristiyano. Umiiyak ang mga Kristiyano. Nagluluksa ang mga Kristiyano. Nakatayo ang mga Kristiyano sa tabi ng libingan na wasak ang puso. Si Hesus mismo ay lumuha sa libingan ni Lazaro.

Ngunit naiiba ang pagdadalamhati ng mga Kristiyano sapagkat puno ito ng pag-asa.

Ang pag-asa ni Pablo ay hindi malabong optimismo. Nakaugat ito sa muling pagkabuhay ni Hesus.

May pagkakaiba ang walang lamang pag-asa at ang natupad na pag-asa.

Isipin ang dalawang babaeng nagnanais magkaanak. Ang isa ay umaasa taon-taon ngunit hindi pa rin magka-anak. Ang isa naman ay nagdadalang-tao. Sa wikang Aleman, may magandang pahayag para sa pagbubuntis: siya ay “nasa mabuting pag-asa.” Pareho silang umaasa sa isang sanggol, ngunit ang isa sa mga pag-asang iyon ay may buháy nang pundasyon.

Gayundin sa pag-asang Kristiyano.

Dahil muling nabuhay si Kristo mula sa mga patay, ang ating pag-asa ay hindi walang laman. May pundasyon na ito. Ang muling pagkabuhay ni Hesus ang katiyakan na hindi ang kamatayan ang may huling salita.

Ipinahahayag ni Pablo: “Naniniwala tayong namatay si Hesus at muling nabuhay, at gayundin ang mangyayari sa mga namatay kay Hesus.”

Ibig sabihin, ang ating mga yumaong mahal sa buhay ay hindi nawawala sa isang malabong kawalan. Ang kanilang hantungan ay hindi ang libingan. Ang kanilang kinabukasan ay ang pakikipag-isa kay Kristo.

Tinatapos ito ni Pablo sa isa sa pinakamaaliw na pangungusap sa buong Kasulatan: “At sa gayon, makakasama natin ang Panginoon magpakailanman.”

Iyan ang langit.Hindi lamang isang lugar, kundi isang ugnayan.

Ang makasama magpakailanman ang Isang naglalakad na sa tabi natin ngayon.

Ang nabuhay na Panginoong makikita natin sa katapusan ng ating buhay ay hindi isang estranghero. Tahimik na siyang naroroon araw-araw.

Minsan ay hindi natin siya nakikilala, tulad ng mga alagad sa daan patungong Emaus na nabulag ng pagdadalamhati. Ngunit patuloy na lumalakad si Kristo sa tabi natin.

Nakakasalubong natin siya sa panalangin.
Nakakasalubong natin siya sa Eukaristiya.
Nakakasalubong natin siya sa Kasulatan. Nakakasalubong natin siya sa mahihirap. Nakakasalubong natin siya sa mga sandali ng pagpapatawad at pagkakasundo.

Magandang ipinahahayag ng salmong tugunan ngayon ang pananabik na ito:“O Diyos, ikaw ang aking Diyos, nananabik ako sa iyo; ang kaluluwa ko'y uhaw sa iyo.”

Isang babae ang nag-iingat ng maliit na krusipiho sa tabi ng kanyang higaan. Sa panahon ng isang napakasakit na karamdaman, gigising siya sa kalagitnaan ng gabi at hindi makatulog. Madalas ay wala siyang magawa kundi tumingin sa krusipihong iyon sa dilim. Makalipas ang ilang taon, sinabi niya, “Hindi ako laging nakakapanalangin, ngunit lagi kong naaalalang naroon siya.”

Iyan ang pagbabantay. Iyan ang pagpapanatiling nagniningas ng ilawan.

Kaya ang babala ni Hesus ngayon ay hindi upang tayo'y takutin kundi upang tayo'y gisingin.

Isang malagim na pagkakamali ang nagawa ng mga hangal na abay: akala nila ay lagi pang may panahon.

Gaano kadalas tayong mag-isip nang ganito.

“Magpapatawad ako mamaya.” “Mananalangin ako mamaya.” “Makikipagkasundo ako mamaya.” “Babalik ako sa Diyos mamaya.”

Ngunit sinasabi ng Ebanghelyo: mamuhay ngayon nang handa.

Kung may hinanakit sa ating puso, ngayon na ang panahon upang humingi ng pagkakasundo. Kung may kasalanan sa ating buhay, ngayon na ang panahon upang humingi ng awa. Kung may pagmamahal na dapat ipakita, ngayon na ang panahon upang ipakita ito.

Ang kahandaang Kristiyano ay hindi pagkataranta; ito ay tapat na pang-araw-araw na pamumuhay.

Ibig sabihin nito ay mamuhay ngayon sa paraang kung dumating si Kristo mamayang gabi, hindi na tayo magkukumahog sa paghahanap ng langis.

At ano ang “langis” na ito na nagpapanatili sa pagniningas ng ilawan?

Ito ay panalangin. Ito ay pananampalataya. Ito ay pagmamahal sa kapwa. Ito ay pagtitiyaga. Ito ay ang tahimik na araw-araw na pagpili sa Diyos. Ito ay ang Espiritu Santo na buháy sa loob natin.

May langis ang mga matatalinong abay sapagkat nagtaguyod sila ng buhay-panloob.

Isa sa pinakamalulungkot sa makabagong buhay ay maraming tao ang may lahat maliban sa panloob na lakas. Mayroon silang pera ngunit walang kapayapaan, aliwan ngunit walang kagalakan, mga koneksyon ngunit walang pakikipag-isa sa Diyos.

Inaanyayahan tayo ng Ebanghelyo na palalimin ang buhay-panloob—na manatiling nakaugnay kay Kristo

upang hindi mamatay ang ating mga ilawan sa mahahabang gabi.

At magkakaroon ng mahahabang gabi.

May mga gabi ng pagdadalamhati. May mga gabi ng pagkabigo. May mga gabing humihina ang pananampalataya. May mga gabing tila wala ang Diyos.

Gayunman, kahit noon ay nananatiling tapat ang Panginoon.

Tinitiyak sa atin ng unang pagbasa na ang Karunungan ay “hindi kumukupas.” Hindi kumukupas ang liwanag ni Kristo, kahit kumikislap-kislap ang atin.

Ang mga tagasunod ni Kristo ay tinatawag na maging “mga taong pangmatagalan.” Tinatawag tayong panatilihing buháy ang pananampalataya hindi lamang sa mga sandali ng sigla kundi sa loob ng mga taon ng paghihintay, pagdurusa, pang-araw-araw na gawain, at kawalang-katiyakan.

Si San Pablo, malapit na sa katapusan ng kanyang buhay, ay nakapagsabi, “Nakipaglaban ako nang mabuti, natapos ko ang takbuhin, iningatan ko ang pananampalataya.”

Nawa'y totoo rin ito para sa atin balang araw.

Isang paring misyonero ang nagkuwento tungkol sa pagdalaw niya sa isang matandang babaeng nag-iisang nakatira sa liblib na nayon. Lumalabo na ang kanyang paningin at bihira na siyang lumabas ng kanyang maliit na bahay. Tuwing gabi, nagsisindi siya ng kandila sa harap ng istatwa ng Sagradong Puso. Tinanong siya ng pari, “Bakit nagsisindi pa rin kayo ng kandila kahit halos hindi n'yo na ito makita?”

Ngumiti ang matandang babae at sumagot, “Sapagkat kapag dumaan ang Panginoon, gusto kong malaman niyang naghihintay ako sa kanya.”

Iyan ang karunungan ng Ebanghelyo.

Mamuhay araw-araw na may nagniningas na ilawan. Manatiling tapat sa kabila ng pagkaantala. Panatilihing buháy ang pag-asa sa gitna ng dilim. Magtiwalang darating ang Lalaking Ikakasal.

At kapag dumating siya, nawa'y matagpuan niya tayong handa—may mga pusong gising, may mga ilawang nagniningas, at may mga buhay na puspos ng langis ng pananampalataya at pagmamahal—upang makapasok tayong kasama niya sa walang hanggang piging ng kasalan at manatili sa piling ng Panginoon magpakailanman. Amen.

- **Translated by William Valdrez, Jr. (Perth, WA)**